THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# "Salamin sa Likuran"

By: Sis Techie "Soar" Rodriguez, Elder-Founder TLF
Disyembre 29, 2021

Isang mahalagang kagamitan sa pagmamaneho ang salamin sa likuran para makita ng drayber ano ang nasa likod ng sasakyan na hindi kailangang lumingon. Responsibilidad ng drayder na i-tsek ang salamin sa likuran para makaiwas sa aksidente sa daan. Bilang Kristyano, kung gusto nating lumago ang ating buhay espiritwal, masusi nating suriin ang mga pang araw-araw nating desisyon baka may masamang epekto sa ibang tao. Sa kabila ng ating mga nakaraang karanasan, huwag tayong mabalisa o maghintay ng sasabihin ng Espiritu Santo na dapat masayang humarap (Awit 34:2) sa bagong taon at maging handa sa pagganyak sa mga tao.

**1.Kalimutan ang nakaraan.** Ilaan muli natin ang ating sarili sa Panginoon at huwag pahintulutan ang madilim na nakaraan na matakpan ang magandang bukas. Bibigyan tayo ngayon ng Diyos ng kakayahang magkaroon ng buhay na ganap habang natututo tayo mula sa nakaraan at magkakaroon ng tapang sa pagharap ng bukas.

**2. Buhaying muli ang pagpapasalamat sa lahat ng biyaya ng Diyos.** Kailangang bigyan halaga ang mga ginawa ng Diyos sa atin. Walang hanggan ang kasiyahan ng Diyos sa pagbibigay Niya sa atin. Pasalamatan natin ang Diyos sa lahat ng Kanyang biyaya, maski sa panahong tayo'y sinubok, dahil ang mga pagsubok na napagtagumpayan ay nagbigay ng lakas at pagkakataon (1Tesalo 5:18)

**3. Magpatuloy tungo sa hangganan.**
Hindi gusto ng Diyos na tayo'y mabalisa dahil sa mga bagay na di naman nangyari, at ang takot na baka magawa ulit. Gusto ng Diyos na harapin natin ang bukas na punong-puno ng pag-asa, iwanan ang nakaraan, at magpatuloy tungo sa hangganan upang kamtan ang gantimpalang buhay na hahantong sa langit (Filipos 3:12-14).

**4. Huwag matakot sa bagong taon.** Kung naka-ugat tayo kay Jesus, wala dapat tayong katakutan (Isa. 43:1). Tanging ang Diyos ang nakakaalam ng ating bukas (Jer. 29:11).

**5. Magkaroon ng buhay na punong-puno ng pag-asa.** Nakararamdam tayo ng panghihina ng loob tuwing naiisip natin ang nasayang na panahon na hinding-hindi na natin maibabalik. Ngunit may pangakong pagpapanumbalik ang Diyos sa Joel 2:14

**5.1** Tiniyak ng Diyos ng Pag-asa na pagkakalooban Niya tayo ng masaganang pag-asa.

**5.2** Pag-asa ang bunga ng presensya ng Diyos sa atin (Lk. 1:19).

**5.3** Pag-asa ang bunga ng kapangyarihan ng Diyos na nagbibigay ng pagnanasa at kakayahang maisagawa ang Kanyang kalooban (Fil.2:13).

**5.4** Ang Diyos ng Pag-asa ang nagbibigay ng lubos na kagalakan (Jn. 15:11).

**6. Magkaroon ng marangal na hangarin para papurihan ang Diyos (Is. 32:8**). Ialay natin ang ating sarili sa paglilingkod sa Diyos. Anuman ang natutunan natin sa nakaraan ay nagreresulta ng mabungang paglilingkod sa Kanya.

**Konklusyon:** Harapin natin ang bagong taong punong-puno ng pag-asa, pagnanasa at resolusyon na maaaring maging simula ng positibong pagbabago. Gayunman, ang susi sa anumang mangyayari sa ating buhay ay ang marangal nating plano at ang ating sigasig na parangalan ang Diyos. Habang malapit na nating talikuran ang lumang taon, maaari tayong magkaroon ng panibagong pag-asa dahil nakatitiyak tayo na tutulungan tayo ng Diyos. **Pagninilay:** Nakikita ba ng ibang tao si Cristo sa atin? Ipinapakita ba natin sa ibang tao ang tunay na buhay ng isang Kristyano?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/